



Programa sa Pagbasa sa Pagdebelop ng Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Filipino Baitang 7

Albe Joy E. Salazar
Holy Trinity College
albzkie0929@gmail.com

Melodena C. Brazil, PhD
Holy Trinity College
melobrazil2305@yahoo.com

Petsa ng Pagsumite:

Abril 5, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Abril 24, 2026

Petsa ng Paglathala:

Mayo 9, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.20092173

Abstrak

Isinagawa ang pananaliksik na ito gamit ang pamamaraang Descriptive at Research and Development upang makabuo ng isang programa sa pagbasa sa pagdebelop ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral ng General Santos City National High School. Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa sa aspektong pagkilala ng salita, pag-unawa sa binasa at ang paraan ng pagbabasa ng mga mag-aaral. Ang naging respondente sa pag-aaral na ito ay isandaan labing-anim (116) na mag-aaral, tatlong (3) dalubhasang guro sa Filipino, at tatlong (3) mga koordineytor sa pagbasa. Natuklasan sa pag-aaral na may kasanayan sa pagkilala ng mga salita ang mga mag-aaral subalit may kabiguan sa kasanayang

pag-unawa sa binasa. Nakitaan din na may lubhang kahinaan sa indikasyon ng paraan ng pagbabasa na walang damdamin at walang pagbabago ang tono, bahagya o walang paraan ng pagsusuri at nagbababasa nang paisa-isang salita ang mga mag-aaral. Natuklasan din ng mananaliksik na ang nabuong programa sa pagbasa ay lubos na katanggap-tanggap ang ibinigay na balidasyon ng mga dalubhasang guro sa Filipino at mga koordineytor sa pagbasa. Inirekomenda ng mananaliksik na ang nabuong pampaaralang programa sa pagbasa ay isang mabisang kasangkapan sa pagdebelop ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kaya hinihikayat na gamitin ito ng mga guro.

Mga Susing Salita: *pagbasa, kasanayan sa pagbasa, programa sa pagbasa*

PANIMULA

Ang pagbabasa ay isang pangunahing kasanayan na may mahalagang papel sa paglinang ng kaalaman, pag-unawa, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon sila ng kakayahang magsuri, magpahayag, at makilahok sa makabuluhang diskurso. Ayon sa National Center for Education Statistics (NCES, 2022), sa kanilang ulat na National Assessment of Educational Progress (NAEP), ang kasanayan sa pagbasa ay kritikal para sa pangkalahatang tagumpay ng mga mag-aaral sa paaralan at sa hinaharap. Ang mabisang kasanayan sa pagbasa ay nag-aambag sa mas mahusay na pag-unawa, masusing pag-iisip, at komunikasyon.

Sa Pilipinas, kapansin-pansin ang patuloy na pagbaba ng reading proficiency ng mga mag-aaral, gaya ng ipinakita ng Programme for International Student Assessment (PISA) na inilathala ng Organization for Economic Co-operation and Development (OECD) noong 2023. Nakakuha ang Pilipinas ng average na marka na 347 sa pagbasa, na malayo sa OECD average na 476. Tanging 24% ng mga mag-aaral ang nakamit ang minimum proficiency level (Level 2). Ipinahayag ni Servillos (2023) na patuloy na kabilang ang bansa sa may pinakamababang ranggo sa larangan ng pagbasa. Ayon sa Department of Education (DepEd), ang resulta ng PISA 2022 ay nagpapakitang may limang (5) hanggang anim (6) na taong pagkaantala sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kumpara sa mag-aaral mula sa ibang bansa (Sucalit, 2023). Sa kabila ng bahagyang pagtaas mula 2018, hindi ito itinuturing na statistically significant (Gatchalian, 2023).

Bunga ng mga hamong ito, patuloy na isinusulong ng DepEd ang pagpapatupad ng mga programang nakatuon sa pagpapalakas ng literacy, kabilang ang Every Child A Reader Program (ECARP). Gayunpaman, nananatiling mababa ang antas ng kasanayan sa pagbasa, partikular sa secondary level, na nangangailangan ng mas masusing pagsusuri at target na interbensyon.

Sa General Santos City National High School, naobserbahan ang suliranin ng mga guro kaugnay ng mababang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gawaing pagbasa. Batay sa paunang reading assessment noong Taong Panuruan 2022–2023, umabot sa tatlong daan at walumpu't dalawa (382) na mag-aaral mula Baitang 7-10 ang naitala bilang struggling readers. Ipinapahiwatig nito ang pangangailangan ng isang sistematikong programa upang matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kasanayan sa pagkilala ng salita at pag-unawa sa teksto.

Kaugnay nito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 at mabuo ang isang akma at epektibong pampaaralang programa sa pagbasa. Sinuri ng pag-aaral ang dalawang pangunahing aspekto: pagkilala sa salita at pag-unawa sa teksto, bilang batayan sa pagbuo ng interbensyong pang-akademiko. Ang binalangkas na programa ay isinailalim sa beripikasyon at balidasyon batay sa pamantayang pangnilalaman, pagkagamitin, pagsakatuparan, kaangkupan at kahusayang instruksiyonal.

Sa kabuoan, inaasahang makatutulong ang pag-aaral sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at magsisilbing gabay sa mga guro at administrador sa pagdisenyo at pagpapatupad ng mga programang pang-akademiko. Higit pa rito, inaasahang magiging ambag ito sa mas malawak na mithiin ng sistemang pang-edukasyon na paunlarin ang kalidad ng literasi sa bansa.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pangkalahatang layon ng pag-aaral na ito ay makabuo ng pampaaralang programa sa pagbasa batay sa pagtatayang ginawa sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino Baitang 7.

Upang matamo ang layunin ng pag-aaral, sinagot nito ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 7, kung uriin sa sumusunod na aspekto:
 - 1.1 Pagkilala sa Salita; at,
 - 1.2 Pag-unawa sa Teksto?
2. Sa anong paraan ng pagbabasa nakitaan ng lubhang kahinaan ang mga mag-aaral?
3. Anong programa sa pagbasa ang mabuo batay sa resulta ng pagtataya sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 7?

4. Ano ang antas ng balidasyon sa binuong programa sa pagbasa batay sa pagtataya sa sumusunod na aspekto:
 - 4.1 Nilalalaman;
 - 4.2 Pagkagamitin;
 - 4.3 Pagsakatuparan;
 - 4.4 Kaangkupan; at,
 - 4.5 Kahusayang Instruksiyonal?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pamamaraang palarawan ang ginamit sa pananaliksik na ito. Nilayon nitong sukatin at ilarawan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mga aspektong: pagkilala sa salita, pag-unawa sa teksto, at ang paraan ng pagbabasa ng mga mag-aaral. Ang mga datos ay kwantitatibong sinuri at binigyan ng pagpapakahulugan. Angkop ang disenyong ito dahil ayon kina Garcia at Chen (2020), ito ay isang pamamaraang ginagamit kung naglalayong alamin o ilarawan ang kasalukuyang kalagayan.

Ginamit din sa pag-aaral na ito ang pamamaraang Research and Development kung saan natukoy ang mga aspektong nangangailangan ng higit na pagdebelop sa makrong kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Gayundin, sinabi nina Aghina et al. (2021) at Mendoza (2020) na ang Research and Development ay nagbibigay-daan sa pagbuo ng mga bagong kaalaman at pagpapatunay sa pagiging epektibo ng mga iminumungkahing solusyon.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa paaralan ng General Santos City National High School, isang pampublikong paaralan na matatagpuan sa Rizal Street, Barangay Calumpang, Lungsod ng General Santos City, kung saan kasalukuyang nagtuturo ang mananaliksik. Ito ang itinuturing na may pinakamalaking bilang ng mga mag-aaral sa buong Rehiyon XII. Sa taong panuruang 2022-2023, ang kabuoang bilang ng mga mag-aaral mula sa Junior High School at Senior High School humigit kumulang sa labing-apat na libo (14,000) at halos limandaang (500) bilang ng mga guro.

Sa kasalukuyan, dahil sa laki ng populasyon ng mga mag-aaral ang General Santos City National High School ay umaalok ng iba't ibang natatanging programa sa Junior High School tulad ng: Science Technology Engineering and Mathematics (STEM); Special Program for the Arts (SPA); Special Program for the Sports (SPS); Special Program in Journalism (SPJ); at Basic Education Curriculum (BEC). Sa Senior High School naman ay binubuo ng apat na tracks: Una, Academic Track na kung saan napabilang naman dito ang Science, Technology, Engineering, Mathematics (STEM), Accountancy, Business and Management (ABM) strand, Humanities, Educational, Social Sciences (HUMSS). Pangalawa ang Technical – Vocational Livelihood, Sports Track at Arts and Design Track.

Ang prosesong ginawa para sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay gumamit ng proportionate sampling kung saan kinuha ang sampung bahagdan (10%) mula sa kabuuang bilang na isang libo sandaan at animnapu (1,160) na mga mag-aaral sa Baitang 7 sa paaralan ng General Santos City National High School. Sa gayon, umabot sa sandaan at labing-anim (116) na mag-aaral ang naging kalahok sa pag-aaral. Upang matiyak ang patas at walang kinikilingang pagpili, isinagawa ang random sampling technique.

Samantala, sa pagpili ng valideytors ng binuong programa sa pagbasa sa pagdebelop ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay pinili ang mga guro na may posisyong Master Teacher I sa asignaturang Filipino at mga Reading Coordinators mula sa iba't ibang paaralan sa Lungsod ng Heneral Santos. Ang kanilang kaalaman at karanasan sa larangan ng pagtuturo ng pagbasa ay ginamit bilang batayan upang matiyak ang kredibilidad, bisa, at angkop na nilalaman ng programa.

Mga Respondente

Ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito ay may sandaan at labing-anim (116) na mag-aaral mula sa Baitang 7 ng General Santos City National High School sa Taong Panuruan 2022–2023. Ang mga mag-aaral na ito ay napabilang sa frustration level batay sa isinagawang paunang pagtataya (Stage 1) ng Reading Assessment gamit ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Tool. Ang pagpili sa kanila bilang respondente ay batay sa pangangailangang masuri ang kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa upang matukoy ang angkop na interbensyon na makatutulong sa kanilang pagpapaunlad.

Kabilang din sa mga respondente ang tatlong (3) guro mula sa Filipino Department ng General Santos City National High School na may posisyong Master Teacher I. Ang kanilang karanasan, kaalaman sa pagtuturo, at malawak na pag-unawa sa asignaturang Filipino ay naging mahalagang bahagi sa pagsusuri ng implementasyon ng mga estratehiya sa pagbasa at sa pagkuha ng mga pananaw hinggil sa mga hamon at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, naging kalahok din sa pag-aaral ang tatlong (3) Reading Coordinators mula sa paaralan ng Tinagacan National High School, General Santos City National Secondary School of Arts and Trade Extension at sa Florence M. Santos High School.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at sa mga paraan ng pagbabasa ay ang Assessment Tool na hango sa Philippine Informal Reading (Phil-IRI) Inventory Manual 2018 na binuo ng Kagawaran ng Edukasyon. Binubuo ang instrumento ng mga teksto, pagsusulit, tseklist, at Talaan ng Indibidwal na Pagbasa (TIP) upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral at maiangkop ang mga kaukulang estratehiya sa pagtuturo.

Ginamit din ng mananaliksik ang talahanayan sa pag-aanalisa ng Oral Reading Level ng mga mag-aaral bilang batayan sa pagtukoy ng antas ng pagkilala sa salita at pag-unawa sa teksto. Inilalahad sa ibaba ang nasabing talahanayan.

Word Recognition Score	Comprehension Score	Oral Reading Level
97%-100%	80%-100%	Independent
90%-96%	59%-79%	Instructional
89% pababa	58%	Frustration

Sa pagtukoy ng antas ng balidasyon ng binuong programa, ginamit ang five-point scale mula 1 (pinakamababa) hanggang 5 (pinakamataas). Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mean range, description, at interpretation na ginamit sa pagmamarka.

Mean Range	Description	Interpretation
4.50 – 5.00	Napakataas	Napakataas ng balidasyon ng binuong programa sa pagbasa.
3.50 – 4.49	Mataas	Mataas ang balidasyon ng binuong programa sa pagbasa.
2.50 – 3.49	Katamtaman	Katamtaman ang balidasyon ng binuong programa sa pagbasa.
1.50 – 2.49	Mababa	Mababa ang balidasyon ng binuong programa sa pagbasa.
1.00 – 1.49	Napakababa	Napakababa ang balidasyon ng binuong programa sa pagbasa.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Sa pangangalap ng datos para sa pag-aaral na ito, isinagawa ang sumusunod na sistematikong pamamaraan:

- Una, tinukoy ang pangunahing suliranin at ang mga tiyak na kalahok ng pag-aaral. Tiniyak na alamin ang mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na siyang naging batayan sa pagbuo ng programa sa pagbasa.
- Pangalawa, inihanda ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at sa mga paraan ng pagbabasa gamit ang Assessment Tool na hango sa Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) na binuo ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang instrumento ay binubuo ng tekstong babasahin, pagsusulit, tseklist at obserbasyon, at ang talaan ng indibidwal na pagbabasa (TIP) na naglalayong sumukat ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral upang maiangkop ang mga estratehiyang gagamitin sa kanilang kinabibilangang baitang.
- Pangatlo, humingi ng liham-pahintulot sa dekana ng paaralang gradwado ng Holy Trinity College of General Santos City na pinaaprubahan sa Division of City Schools Superintendent. Ang liham na ito ay humingi ng pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral sa General Santos City National High School. Matapos nabigyan ng pahintulot ng kinauukulan, ay ipinasa ang liham na ito sa punungguro ng nabanggit na paaralan, at sa mga gurong tagapayo sa Baitang 7.
- Ikaapat, isinagawa ang pangangalap ng kakailangang datos para sa pananaliksik sa iskedyul na itinakda. Bago ang pagsasagawa ng pangangalap ng datos, kinuha mula sa mga kalahok ang kanilang permiso o pahintulot na makibahagi sa aking pag-aaral.
- Ikalima, personal na nagpabasa sa mga naging kalahok sa pag-aaral upang lubos na maunawaan ang mga saklaw at mga posibilidad sa pag-aaral at matiyak ang validiti ng ipipresentang datos. Sa bahaging ito, naitala ang mga obserbasyon at tugon ng mga kalahok upang suriin ang kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa.

- Ikaanim, isinagawa naman ang masusing pagwawasto at pagsusuri sa mga resulta ng ginawang pagtataya. Ang mga datos na nakalap ay naging batayan sa pagtukoy ng mga aspekto ng kasanayan sa pagbasa na nangangailangan ng interbensyon at naging saligan o batayan ng pagbuo ng isang angkop na programa sa pagbasa sa pagdebelop ng antas ng kasanayan ng mag-aaral.
- Panghuli, pagkatapos ang pangangalap at pagsusuri ng mga datos, agad bumuo ng isang pampaaralang programa sa pagbasa na nakabatay sa mga natukoy na kahinaan at pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagdebelop ng kanilang antas sa kasanayan sa pagbasa. Ang nasabing nabuong programa ay isinailalim sa masusing balidasyon ng mga piling valideytors na binubuo ng mga Master Teacher sa Filipino at mga Reading Coordinators mula sa iba't ibang paaralan sa Lungsod ng Heneral Santos. Ang kanilang mga mungkahi at obserbasyon ay ginamit upang higit pang mapabuti at mapahusay ang nilalaman, pagkagamitin, pagsakatuparan, kaangkupan, at kahusayang instruksiyonal.

Pag-aanalisa ng mga Datos

Sa pagsusuri ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang pamantayan mula sa Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) na inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon. Batay sa pamantayang ito, isinasalang-alang ang porsyento ng word recognition at reading comprehension upang matukoy ang antas ng oral reading ng mga mag-aaral. Ginamit ng mananaliksik ang frequency count, percentage at mean.

Gumamit din ang mananaliksik ng descriptive statistics tulad ng dalas (frequency), bahagdan (percentage), at ranggo (ranking) upang mailarawan ang mga partikular na paraan ng pagbabasa kung saan nakitaan ng lubhang kahinaan ang mga mag-aaral. Ang mga estadistikang ito ay tumulong sa sistematikong pag-aanalisa ng datos na siyang nagsilbing batayan sa pagbuo ng programang interbensyon sa pagbasa. Bilang karagdagan, naitakda ang mga prayoridad sa disenyo ng mga estratehiya sa pagbasa na naaayon sa kanilang partikular na pangangailangan. Ayon kina Johnson at Christensen (2020), ang descriptive statistics ay mahalagang kasangkapan sa pananaliksik sa edukasyon sapagkat ito ay nagbibigay ng malinaw at kongkretong representasyon ng datos, na maaaring gamiting basehan sa pagpapalano ng mga programang pang-edukasyon.

Ginamit din ang weighted mean sa pagtukoy ng antas ng balidasyon ng nabuong programa sa pagbasa. Ito ay nagkaroon ng masusing balidasyon ng tatlong Master Teachers sa Filipino at Reading Coordinators ng Division ng General Santos City upang tiyak na masuri ang nilalaman, pagkagamitin, pagkasakatuparan, kaangkupan at kahusayang instruksiyonal ng nabuong pampaaralang programa sa pagbasa. Ito ay pagsisiguro na ang nabuong programa ay naaayon sa kinalabasan ng pag-aaral.

RESULTA at INTERPRETASYON

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang 7

Ang antas ng kasanayan sa pagbasa sa aspetong pagkilala sa salita at ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa General Santos City National High School ay makikita sa Talahanayan 1.1 at 1.2. Makikita naman sa Talahanayan 3 ang paraan ng pagbabasa nakitaan ng lubhang kahinaan ang mga mag-aaral

Ipinapakita sa Talahanayan 1.1 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkilala sa salita.

Talahanayan 1.1

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang 7 sa Pagkilala sa Salita

Iskor sa Pagkilala sa Salita	Frequency	Bahagdan	Antas sa Pagkilala Salita
97% - 100%	77	66.30%	Independent
90% - 96%	29	25.00%	Instructional
89% and below	10	8.62%	Frustr Frustration
Kabuoang Mean		95.77%	Independent

Sa pagkilala sa salita, may kabuong mean na 95.77% na nasa antas na Independent ang kabuong antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa aspektong ito. May pitumpu't pito (77) o nasa 66.30% naman ang nasa antas na Independent, dalawampu't siyam (29) o nasa 25.00% na mag-aaral ang nasa Instructional level at may sampu (10) lamang o nasa 8.62% ng mag-aaral na napabilang sa antas na Frustration.

Pinatunayan lamang batay sa resulta na may kasanayan sa pagkilala sa salita ang mga mag-aaral. Ang kasanayang ito ay mahalagang aspeto ng pag-unawa sa teksto dahil ito ay nagsisilbing susi upang maunawan ang mga ideya at konsepto na inilalahad ng may-akda. Bukod pa rito, ang pagkakaroon ng mahusay na kasanayan sa pagkilala sa salita ay nagpapalakas sa kakayahan ng mambabasa na mag-analisa, magbuo ng koneksyon, at magbigay ng mas malalim na pagninilay sa mga ideya at paksang tinalakay sa teksto.

Magkaparehong resulta sa pag-aaral na ginawa ni Quintino et al. (2021) na may kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral sa pagkilala sa salita, napagtanto na may malawak na kahulugan ng mga salitang nakapaloob sa akdang binasa. Ayon naman kay Anyiendah (2020), ang kasanayan sa pagkilala sa salita ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa na maunawaan ang kahulugan ng mga binabasang teksto sa pamamagitan ng pagde-code sa tunog ng mga bagong salita. Batay sa isinagawang pag-aaral, natuklasan na may positibo at makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa pagkilala sa salita at tagumpay ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa teksto. Ipinapakita ng resulta na ang mas mataas na antas ng kasanayan sa pagkilala sa salita ay nakapag-aambag sa mas mahusay na pag-unawa sa pagbasa. Samakatuwid, ang paglinang at

pagpapalakas ng kasanayan sa pagkilala sa salita ay mahalaga upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ipinapakita naman sa Talahanayan 1.2 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa teksto.

Talahanayan 1.2

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng Mag-aaral sa Filipino sa Baitang 7 sa Pag-unawa sa Teksto

Iskor sa Pag-unawa Teksto	Frequency	Bahagdan	Antas sa Pag-unawa sa Teksto
80% - 100%	14	12.07%	Independent
59% - 79%	41	35.35%	Instructional
58% and below	61	52.59%	Frustration
Kabuoang Mean		53.73	Frustration

Sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa, may kabuoang mean na 53.73% na napabilang sa Frustration Level ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa aspektong ito. May labing-apat (14) o nasa 12.07% ang napabilang sa antas na Independent. Apatnapu't isa (41) o nasa 35.35% mag-aaral ang nasa Instructional level at may animnapu't isa (61) o nasa 52.59% ng mga mag-aaral na napabilang naman sa antas na Frustration. Lumabas sa pag-aaral na may kabiguan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral pagdating sa aspektong pag-unawa sa teksto. Ibig sabihin lamang na kakitaan ng kahinaan ang mag-aaral sa kasanayang ito batay sa ginawang pagtataya. Sang-ayon din sa binanggit nina Quintino et al. (2021), sa panahon ngayon, maraming estudyante ang nagpapakita na nahihirapan sa pag-unawa sa mga teksto na nagiging dahilan sa kawalan ng interes sa pag-aaral. Sa kabila ng pagsisikap ng mga guro na turuan ang mga mag-aaral na bumasa nang may pag-unawa, mayroon pa ring ilang mga mag-aaral na hindi nakamit ang layuning ito ng pagbabasa.

Sa ginawang pag-aaral naman nina Edullantes et al. (2022), lumabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ay higit na nakadepende sa kanilang persepsyon sa pagbabasa ng teksto kumpara sa kanilang kaalaman sa lingguwistika. Ibig sabihin, dahil sa kakulangan ng kaalaman sa wikang Filipino, ang mga mag-aaral ay nanghuhula o pinapakiramdaman lamang ang kahulugan ng tekstong binabasa upang masagutan ang talatanungan. Sa panlabas na salik ay higit na pinatunayan sa pag-aaral na ito na may malaking ginagampanan ang kapaligiran sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Kapag hindi sila komportable sa lugar kung saan sila nagbabasa, nagdudulot ito ng kawalan ng konsentrasyon at komprehensyon. Iminungkahi ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay dapat magsumikap na paunlarin ang kanilang kaalaman sa lingguwistika upang mas maging makabuluhan ang kanilang kakayahang pagbabasa. Mahalagang matutuhan nila ang wikang Filipino upang maintindihan nila ang mga tekstong binabasa nila gamit ang wikang ito. Dagdag pa rito, ang mga mag-aaral ay dapat palaging magbasa upang mapahusay pa nila ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa iba't ibang antas nito, kabilang ang literal, interpretatibo, at kritikal.

Ayon naman kina De Guzman at Santos (2020), malaking bahagi ang ginampanan ng mga guro sa mabilis na pag-unawa sa teksto ng mga mag-aaral gamit ang mga kagamitang pampagsasanay. Ang mga

guro ay dapat maging malikhain sa pagtuturo ng pagbasa upang maging kapana-panabik ang oras ng pagbabasa ng mga mag-aaral. Binanggit din niya na ang mga magulang ay nararapat na makipagtulungan sa mga guro sa pamamagitan ng paglalaan ng oras at panahon sa pagsubaybay sa pagbabasa ng kanilang mga anak.

Sa kabuoan, binibigyang-diin ng pag-aaral na ito ang mahahalagang pangangailangan sa pagpapatupad ng mas komprehensibong interbensyon sa pagbasa. Ang tagumpay ng nasabing programa ay nakasalalay sa isang holistikong estratehiya na nag-uugnay sa paggamit ng angkop na wika, pagbuo ng kondusibong kapaligiran sa pagkatuto, at aktibong kolaborasyon ng mga guro at magulang. Sa madaling salita, ang holistikong pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral ay magsisilbing matibay na pundasyon upang sila ay maging independent readers na may sapat na kakayahang gampanan ang mas komplikadong gawaing pang-akademiko.

Paraan ng Pagbabasa Nakitaan ng Lubhang Kahinaan ang mga Mag-aaral

Bilang bahagi ng pagsusuri sa kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, mahalagang matukoy kung aling partikular na paraan ng pagbabasa ang nakitaan ng lubhang kahinaan ng mga mag-aaral. Ang impormasyong ito ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagbabalangkas ng angkop na programa sa pagbasa na tutugon sa tiyak na pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang sumusunod na Talahanayan 2 ay nagpapakita ng mga paraan ng pagbabasa na nakitaan ng lubhang kahinaan ng mga mag-aaral na nangangailangan ng agarang pagtugon upang mapaunlad ang kanilang pag-unawa sa tekstong binabasa.

Talahanayan 2

Paraan ng Pagbabasa Nakitaan ng Lubhang Kahinaan ang mga Mag-aaral

Mga Indikasyon	Bilang ng Mag-aaral	Bahagdan	Ranggo
1. Nagbabasa nang pa-isa-isang salita	50	43.00%	3
2. Walang damdamin at walang pagbabago ang tono	69	59.48%	1
3. Hindi madaling marinig ang Boses	31	26.72%	5
4. Hindi pinapansin ang mga Bantas	38	33.00%	4
5. Itinuturo ang bawat salita	20	17.24%	6
6. Bahagya o walang paraan ng pagsusuri	55	47.41%	2

Batay sa resulta sa paraan ng pagbabasa ng mga mag-aaral, may limampung (50) kabuoang bilang ng mag-aaral o nasa 43.00% na nagbabasa nang pa-isa-isang salita, animnapung siyam (69) o nasa 59.48% ng mga mag-aaral na nagbabasa na walang damdamin at walang pagbabago ang tono, tatlung (31) o nasa 26.72% mag-aaral na hindi madaling marinig ang kanilang boses, dalawampung mag-aaral (20)

naman o nasa 17.24% na mga mag-aaral na itinuturo ang bawat salita at may limampu't lima (55) ring mga mag-aaral o nasa 47.41% na bahagya o walang paraan ng pagsusuri.

Napatunayan ng mananaliksik batay sa resulta na kakitaan ng lubhang kahinaan ang mga mag-aaral pagdating sa indikasyon ng paraan ng pagbabasa batay sa ranggo nito: (1) walang damdamin at walang pagbabago ang tono; (2) bahagya o walang pagsusuri; (3) nagbabasa nang paisa-isang salita; (4) hindi pinapansin ang mga bantas; (5) hindi madaling marinig ang boses; at (6) itinuturo ang bawat salita.

Batay sa resulta, kinailangan ng mga guro sa asignaturang Filipino na bigyang-diin ang pagtuturo ng wastong bigkas sa mga salita, pagbasa sa mga salita, parirala, pangungusap at talata na may tamang bilis, kalinawan at higit na nababasa ang mga pahayag sa teksto nang buong kaisipan na may tamang damdamin at pagbabago ng tono upang mas lubos na mauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa. Natuklasan sa pag-aaral ni [Banditvilai \(2020\)](#) na ang mga estratehiya sa pagbasa ay may malaking epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa. Sinabing ang mga guro ay nangangailangan ng mga kasanayan upang makapagturo ng mga estratehiya sa pagbasa na tutulong sa mga mag-aaral sa pag-unawa at paglalapat ng mga angkop na estratehiya upang maging mga dalubhasang mambabasa.

Sa pag-aaral naman ni Erp (2021), iminungkahi ng mananaliksik na magkakaroon ng pagpapatupad ng pagsasanay na paulit-ulit na pagbabasa sa mga maiikling sipi ng ilang akda na tutuon din sa partikular na kasanayan sa palabigkasan na naaayon sa kurikulum ng literasi upang makatulong na magkaroon ng kumpiyansa sa pagiging matatas sa pagbasa ang mga mag-aaral.

Binuong Programa sa Pagbasa Batay sa Resulta ng Pagtataya sa Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Baitang 7

Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral ng mananaliksik tungkol sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino Baitang 7 ng General Santos City National High School, isang programa sa pagbasa ang binuo na pinamagatang Project BASA (Batang Aktibo sa Asignatura). Ito ay isang pampaaralang programa sa pagbasa na naglalayong mapauunlad ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral; maitaas ang antas ng pagbabasa ng mga mag-aaral na hirap bumasa sa wikang Filipino; maipakita ang iba't ibang interbensyon na makatutulong sa mga mag-aaral na hirap bumasa; at maikintal sa puso't isipan ng mga mag-aaral ang pagmamahal sa pagbabasa. Makatutulong din ang programang ito sa mga guro sa Filipino upang makapaghatid ng kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng mabisang pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral.

Batay na rin sa resulta ng pag-aaral ni Braza (2020), sinabi ng mananaliksik na kailangang bumuo ng gawaing maiangat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, kaya nahikayat din ang mananaliksik na makabuo ng programa sa pagbasa na makalilinan sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa binuong programa ng pagbasa ng kasalukuyang mananaliksik ay mayroong limang bahagi: (1) Introduksyon/Rasyunal; (2) Layunin; (3) Paglalarawan ng Proyekto; (4) Mga Pamamaraan sa Pagtupad ng Programa; (5) Pagsubaybay at Ebalwasyon.

Sa unang bahagi, inilahad dito ang konsepto ng programa sa pagbasa at ang pinagbatayan sa pagbuo nito. Ang ikalawang bahagi ay ang pangkalahatang layunin ng programa. Ikatlong bahagi naman ay ang paglalarawan ng Proyekto BASA, na inilahad sa bahaging ito kung bakit nabuo ang nasabing programa at kung paano ito makatutulong sa pagdeblop ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang ikaapat na

bahagi ay nakapaloob dito ang mga kasanayan sa pagbasa na kailangang panglinangin ng mga mag-aaral batay sa naging resulta sa ginawang pananaliksik, mga tiyak na layunin batay sa kasanayan sa pagbasa, mga mungkahing gawain o estratehiya, at kalakip na ang mga kailangang kagamitang pang-instruksiyonal. Sa ikalimang bahagi naman ay ang pagsubaybay at ang ebalwasyon.

Ang binuong programa sa pagbasa ay nakatuon lamang sa kasanayan sa pagbasa na kakitaan ng kahinaan ang mga mag-aaral batay sa naging resulta sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik. Sa pamamagitan ng nabuong programa sa pagbasa, inaasahan na magkakaroon ng makabuluhang pag-unlad ang mga mag-aaral sa kanilang kakayahan at kasanayan sa pagbasa.

Ang nasabing programa ay hindi lamang nakatuon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, kundi nagsisilbing gabay rin para sa mga guro upang mapabuti ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo na magreresulta sa mas epektibong hakbang patungo sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at magsisilbing hakbang patungo sa isang mas maliwanag at matagumpay na kinabukasan para sa mga mag-aaral at sa buong komunidad ng edukasyon.

Antas ng Balidasyon sa Biniuong Programa sa Pagbasa

Inilahad sa Talahanayan 3.1, 3.2, 3.3, 3.4, 3.5, at 3.6, ang kinalabasan ng ginawang balidasyon ng binuong programa sa pagbasa ng mga dalubhasang guro sa Filipino at mga koordineytor sa pagbasa sa sekondarya batay sa nilalaman, pagkagamitin, pagsakatuparan, kaangkupan at kahusayang instruksiyonal nito.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.1 ang resulta ng balidasyon sa nilalaman ng programa. Pinatunayan ng pagsusuri ng mga eksperto na ang mga aralin at estratehiya ay angkop sa layunin ng pagtuturo at sa antas ng pangangailangan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3.1

Antas ng Balidasyon ng Programa sa Biniuong Programa sa Pagbasa Batay sa Nilalaman

Items	Guro (Mean)	Koordinator (Mean)	Average	Description
1. Naghain ng akmalang akmalang tugon sa katiyakan ng sagot ng pag-aaral	5.00	5.00	5.00	Napakataas
2. Angkop ang nilalaman ng programa sa pagbasa sa layunin at pangangailangan ng mga guro sa pagtuturo ng makrong kasanayan sa pagbasa.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
3. Nagbibigay-diin sa aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral	5.00	5.00	5.00	Napakataas
4. Nakapagtuturo ng mga kapaki-pakinabang na mga pamamaraan tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral	5.00	5.00	5.00	Napakataas

5. Nakapagdedebelop ng mga talento at kakayahan sa mga mag-aaral	5.00	5.00	5.00	Napakataas
Kabuoang Mean	5.00	5.00	5.00	Napakataas

Batay sa balidasyon ng mga eksperto, napakataas ang antas ng balidasyon ng nabuong programa sa pagbasa batay sa nilalaman nito na may kabuoang mean na 5.00. Ang programa sa pagbasa ay napakataas ng balidasyon sa sumusunod na indikasyon: (a) naghain ng akmang tugon sa katiyakan ng sagot ng pag-aaral; (b) angkop ang nilalaman ng programa sa pagbasa sa layunin at pangangailangan ng mga guro sa pagtuturo ng makrong kasanayan sa pagbasa; (c) nagbibigay-diin sa aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral; (d) nakapagtuturo ng mga kapaki-pakinabang na mga pamamaraan tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral; at (e) nakapagdedebelop ng mga talento at kakayahan ng mga mag-aaral ay parehong nakatamo ng 5.00 na mean.

Ipinahiwatig ng resulta na ang nilalaman ng nabuong programa sa pagbasa ay tumutugon sa mithiin ng programa na makapagbibigay ng kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng mabisang pagtuturo ng pagbasa higit lalo sa pagdebelop ng kasanayan sa pag-unawa sa teksto ng mga mag-aaral. Ipinapakita rito na ang mga estratehiya at gawaing nakapaloob sa programa ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagproseso ng impormasyon, pagbibigay-kahulugan, at kritikal na pag-iisip. Dagdag pa rito, ang positibong resulta ay nagpapahiwatig na ang programa ay angkop sa kanilang antas at pangangailangan, kaya't nagiging epektibo itong instrumento sa pagpapataas ng kanilang kasanayan sa pagbasa.

Ipinakita sa Talahanayan 3.2 ang resulta ng ginawang balidasyon sa nabuong programa sa pagbasa batay sa pagkamitin nito. Ipinakita sa isinagawang pagsusuri na makikita sa Talahanayan 3.2 na napakataas ang antas ng balidasyon sa nabuong programa sa pagbasa naman batay sa pagkagamitin nito ay may kabuong mean na 4.97.

Talahanayan 3.2

Antas ng Balidasyon ng Programa sa Pagbasa Batay sa Pagkagamitin

Items	Guro (Mean)	Koordinator (Mean)	Average	Description
1. Magagamit ng mga tungo sa mas mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral	5.00	5.00	5.00	Napakataas
2. May mga tiyak na pamamaraan o estratehiya na makatutulong sa mga guro	5.00	5.00	5.00	Napakataas
3. Malinaw at tiyak ang mga layunin ng programa	5.00	5.00	5.00	Napakataas
4. Lumilinang ng mga kakayahan at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-	5.00	5.00	5.00	Napakataas

aaral gamit ang iba't ibang estratehiya				
5. Madaling maisasakatuparan	4.67	5.00	4.84	Napakataas
Kabuoang Mean	4.93	5.00	4.97	Napakataas

Napakataas ang balidasyon ng programa sa sumusunod na indikektor na: (a) magagamit ng mga guro tungo sa mas mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral; (b) may mga tiyak na pamamaraan o estratehiya na makatutulong sa mga guro; (c) malinaw at tiyak ang mga layunin ng programa; (d) lumilina ng mga kakayahan at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang iba't ibang estratehiya na may parehong mean na 5.00; at (e) madaling maisasakatuparan na may mean na 4.84.

Batay sa naging resulta, naniniwala ang mga evalweystors na lubhang magagamit ng mga guro ang nabuong programa sa pagbasa lalo na sa pagbibigay ng mga remedyal o interbensyon sa mga mag-aaral na nangangailangan ng sapat na atensyon at oras upang maiangat ang kanilang antas sa pag-unawa sa teksto dahil nakapaloob sa programa ang mga tiyak na pamamaraan at mga estratehiya sa pagsasagawa nito. Ang pagkakaroon ng tiyak na pamamaraan, malinaw na layunin, at mga estratehiya na makatutulong sa mga guro, ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng isang maayos na plano na nakatuon sa aktwal na pangangailangan ng mga mag-aaral, pati na rin sa layuning makapagbigay ng mas mabisang pagkatuto.

Ayon kay Bautista (2020), ang mga programang may malinaw na layunin at istruktura ay nagbibigay-daan para sa mas matagumpay na implementasyon at mas mabilis na pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Sinabi rin ni Bugtong (2023) na ito ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kakayahan sa pag-unawa sa teksto, pagpapayaman ng bokabularyo, at pagpapaunlad ng reading fluency. Dahil dito, ang maayos na programa sa pagbasa ay kapaki-pakinabang hindi lamang sa mga mag-aaral pati na rin sa mga guro, dahil mas napapahusay nito ang pagtuturo at angkop ang pagtugon sa natatanging pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Talahanayan 3.3

Antas ng Balidasyon ng Programa sa Pagbasa Batay sa Pagsakatuparan

Items	Guro sa Filipino (Mean)	Koordinator sa Pagbasa (Mean)	Average	Description
1. Ang panuruan o (sequence) ng programa ay debelopmental	5.00	5.00	5.00	Napakataas
2. Praktikal ang mga gawain	5.00	5.00	5.00	Napakataas
3. Makatuwiran at abot-kaya ang mga kagamitang kailangan sa pagsasagawa ng programa	5.00	5.00	5.00	Napakataas
4. Nakapagbibigay ng pagkakataon sa pagpapaunlad at patuloy na paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral	5.00	5.00	5.00	Napakataas

5. Madaling maisakatuparan	4.67	5.00	4.84	Napakataas
Kabuoang Mean	4.93	5.00	4.97	Napakataas

Ipinakita sa Talahanayan 3.3 ang resulta ng ginawang balidasyon ng antas ng nabuong programa sa pagbasa batay sa pagsakatuparan nito.

Sa isinagawang balidasyon ng mga eksperto na inilatag sa Talahanayan 6, napakataas ang ibinigay na balidasyon sa nabuong programa batay sa pagsakatuparan nito na may kabuoang mean na 4.97. Nagbigay ng napakataas na balidasyon ang mga eksperto sa sumusunod na indiketyor na parehong may kabuoang mean na 5.00: (a) Ang panuruan o sequence ng programa ay debelopmental; (b) praktikal ang mga gawain nito; (c) makatuwiran at abot-kaya ang mga kagamitang kailangan sa pagsasagawa ng programa; (d) nakapagbibigay rin ng pagkakataon sa pagpapaunlad at patuloy na paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral; at madaling maisakatuparan naman ito na may parehong kabuoang mean na 4.67.

Batay sa mga resulta ipinapakita na ang nabuong programa sa pagbasa ay nakakuha ng napakataas na balidasyon mula sa parehong guro sa Filipino at mga koordinator sa pagbasa. Ang kabuoang mean na 4.97 ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap at pagpapahalaga sa programa, partikular sa mga aspeto ng pagsakatuparan nito.

Ang mga resulta sa pagsakatuparan ng Project BASA ay sumusuporta sa mga prinsipyo ng epektibong programang edukasyonal ayon sa mga kamakailang pag-aaral. Ayon kay De la Cruz (2020), nagiging epektibo ang mga programang edukasyonal kung ang disenyo ng mga ito ay praktikal, madaling isagawa, at gumagamit ng debelopmental na panuruan para sa progresibong pag-unlad ng kasanayan ng mga guro at mag-aaral. Gayundin, pinatunayan sa pag-aaral ni Garcia (2020) na ang pagiging praktikal at realidad ng isang programa ay nakaapekto sa pagtanggap nito sa paaralan. Ayon sa kaniya, ang mga programang hindi mahirap isakatuparan ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng implementasyon at tagumpay.

Talahanayan 3.4

Antas ng Balidasyon ng Programa sa Pagbasa Batay sa Kaangkupan

Items	Guro sa Filipino (Mean)	Koordinator sa Pagbasa (Mean)	Average	Description
1. Ang mga estratehiya at ang mga gawaing napapaloob sa programa ay may kaugnayan sa pangangailangan at layunin ng guro tungo sa mabisang pagtuturo ng makrong kasanayan sa pagbasa.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
2. Napapanahon ang nilalaman ng programa.	5.00	5.00	5.00	Napakataas

3. Nabibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na magamit ang Wikang Filipino.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
4. Makatutulong sa iba't-ibang antas o lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
5. Makapaghihikayat at makapagbibigay kawilihan sa mga mag-aaral.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
Kabuoang Mean	5.00	5.00	5.00	Napakataas

Ipinakita sa Talahanayan 3.4 ang resulta ng ginawang balidasyon ng nabuong programa sa pagbasa batay sa pagsakatuparan nito.

Sa kaangkupan naman ng nabuong programa, napakataas din ito na may kabuong mean na 5.00. Nagbigay rin ng napakataas na balidasyon ang mga eksperto sa sumusunod na indikeyor na parehong may kabuoang mean na 5.00: (a) ang mga estratehiya at mga gawaing napaloob sa programa ay may kaugnayan sa pangangailangan at layunin ng guro tungo sa mabisang pagtuturo ng makrong kasanayan sa pagbasa; (b) napapanahon rin ang nilalaman ng nabuong programa; (c) nabibigyang pagkakataon naman ang mga mag-aaral na magamit ang wikang Filipino, (d) makatutulong sa iba't ibang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral; at (e) makapaghihikayat at makapagbibigay kawilihan sa mga mag-aaral.

Batay sa mga resulta, nagpapakita ng malakas na pagtanggap at tiwala sa kaangkupan ng programa sa mga guro at koordinador sa pagbasa. Ipinakita rin na ang mga estratehiya at mga gawaing napaloob sa programa ay may kaugnayan sa mga pangangailangan at layunin ng mga guro para sa mas mabisang pagtuturo ng makrong kasanayan sa pagbasa.

Ayon sa isang pag-aaral ni Morales (2020), ang mga edukasyonal na programa ay dapat na angkop sa mga pangangailangan at layunin ng guro upang magtagumpay. Ang kanyang pagsusuri ay nagpapakita na ang pagkakaroon ng mga estratehiya na akma sa mga mag-aaral at guro ay isa sa mga pinakamahalagang susi sa epektibong pagtuturo at pagkatuto. Sinabi niyang ang pagkakaroon ng napapanahong nilalaman sa programa ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral at sa pagbuo ng kanilang interes sa paksa.

Talahanayan 3.5

Antas ng Balidasyon ng Programa sa Pagbasa Batay sa Kahusayang Instruksiyonal

Items	Guro sa Filipino (Mean)	Koordinator sa Pagbasa (Mean)	Average	Description
1. Napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa mga estratehiya o gawain.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
2. Napalolooban ng mga makabagong pamamaraan ang programa.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
3. Maayos at kaaya-aya ang mga gawain sa programa sa pagbasa.	5.00	5.00	5.00	Napakataas

4. Madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang mga gawain sa loob ng programa.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
5. Ginagamitan ng angkop na integrasyon ng ICT.	5.00	5.00	5.00	Napakataas
Kabuoang Mean	5.00	5.00	5.00	Napakataas

Batay naman sa kahusayang instruksiyonal ng nabuong programa sa pagbasa ay napakataas din ang ibinigay na balidasyon na may kabuong mean na 5.00. Nagbigay ng napakataas na balidasyon ang mga eksperto sa sumusunod na indikatoryor na parehong nakakuha ng mean na 5.00: (a) ang nabuong programa sa pagbasa ay napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa mga estratehiya o mga gawain; (b) napalooban ng mga makabagong pamamaraan ang programa; (c) maayos at kaaya-aya ang mga gawain sa programa sa pagbasa; (d) madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang mga gawain sa loob ng programa; at (e) ginagamitan din ito ng angkop na integrasyon ng ICT.

Ang mataas na balidasyon sa kahusayang instruksiyonal ng programa ay nagpapakita ng tamang pag-aakma sa mga pangangailangan ng modernong edukasyon. Sa pamamagitan ng mga modernong estratehiya at angkop na paggamit ng teknolohiya, ang programa ay naging mas epektibo sa pagtutok sa mga layunin nito.

Ayon sa isang pag-aaral ni Diaz (2020), binigyang-diin ang kahalagahan ng makabagong pamamaraan at ang paggamit ng ICT sa pagtuturo, partikular sa mga programang pampagtuturo sa pagbasa. Sinabi ng mananaliksik na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika at pagbasa ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapadali ng mga gawain kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral. Pinatunayan ni Cruz (2023) na ang integrasyon ng mga interactive na estratehiya at makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng pagbasa ay nagpapataas ng interes at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagkilala ng mga mag-aaral sa halaga ng teknolohiya ay nagsisilbing motibasyon upang maging mas aktibo sila sa proseso ng edukasyon.

Buod ng Antas ng Balidasyon ng Nabuong Programa sa Pagbasa

Ipinakita sa Talahanayan 3.6 ang buod ng resulta ng ginawang balidasyon sa antas ng validiti ng nabuong Programa sa Pagbasa.

Talahanayan 3.6

Buod ng Antas ng Balidasyon ng Nabuong Programa sa Pagbasa

Indicators	Guro sa Filipino (Mean)	Koordinator sa Pagbasa (Mean)	Average	Description
1. Nilalaman	5.00	5.00	5.00	Napakataas
2. Pagkagamitin	4.93	5.00	4.97	Napakataas

3. Pagsakatuparan	4.93	5.00	4.97	Napakataas
4. Kaangkupan	5.00	5.00	5.00	Napakataas
5. Kahusayang Instruksiyonal	5.00	5.00	5.00	Napakataas
Kabuoang Mean	4.97	5.00	4.99	Napakataas

Sa kabuoan, napakataas ang ibinigay na balidasyon sa nabuong programa sa pagbasa na may kabuong mean na 4.99 batay sa isinagawang balidasyon ng mga eksperto. Makikita sa Talahanayan 3.6 ang antas ng balidasyong ginawa ng mga eksperto batay sa nilalaman ng nabuong programa sa pagbasa ay napakataas na may kabuoang mean na 5.00; pagkagamitin na may mean na 4.97; pagsakatuparan na may mean na 4.97; kaangkupan na may mean na 5.00; at kahusayang instruksiyonal naman na may kabuoang mean na 5.00. Ipinapakita rito na ang nabuong programa ay lubos na katanggap-tanggap sa lahat ng aspekto ng pamantayan ng ebalwasyon mula sa nilalaman, pagkagamitin, pagsakatuparan, kaangkupan, hanggang sa kahusayang instruksiyonal.

Bilang karagdagan, batay sa resulta ng ginawang balidasyon sa nabuong programa sa pagbasa ito ay nakatutulong upang madebelop ang kasanayan ng mga mag-aaral partikular na sa pagbabasa sa teksto na may damdamin at pagbabago ng tono; may paraan ng pagsusuri; nakababasa nang mahusay sa mga salita, parirala, pangungusap at maging sa talata ng may tamang bilis at linaw at higit sa lahat ang pagbasa ng may sapat na pag-unawa.

Ayon kay Marquez (2020), sa kanyang pananaliksik hinggil sa ebalwasyon ng mga interbensiyong programa sa pagbasa, ipinakita na ang isang mabisang programa ay kinakailangang suriin hindi lamang sa nilalaman kundi sa aspeto ng implementasyon, kaangkupan, at ang paggamit ng makabagong pamamaraang instruksiyonal. Ayon sa kanya, ang mataas na antas ng balidasyon ay nagpapahiwatig na ang programa ay maaaring magtagumpay sa aktwal na aplikasyon kung ito ay maayos na ipatutupad ng mga guro na may sapat na kaalaman at kasanayan. Samantala, sa pag-aaral nina De Guzman at Santos (2020), binigyang-diin nila na ang holistikong pagsusuri ng isang edukasyonal na programa lalo na kung nakatuon ito sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ay mahalaga upang matiyak ang bisa nito sa iba't ibang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na kapag lahat ng aspekto ng programa ay balidado sa mataas na antas, malaki ang posibilidad ng tagumpay nito sa pagpapataas ng antas ng literasi.

Ang mataas na antas ng balidasyon ay nagpapahiwatig na ang programa ay maayos na idinisenyo at maaaring magdulot ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Rapi at Oyon-Oyon (2024), ang mga kagamitang interbensyon sa pagbasa na sumailalim sa masusing balidasyon ay lubos na katanggap-tanggap batay sa nilalaman, pormat, presentasyon, organisasyon, at kawastuhan ng impormasyon. Ang ganitong mga kagamitan ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng mananaliksik sa kanyang ginawang pag-aaral, nabuo ang sumusunod na konklusyon:


- Batay sa mga natuklasan, nasa antas na Independent ang mga mag-aaral sa pagkilala sa mga salita, subalit nasa Frustration Level pagdating sa pag-unawa sa teksto. Dahil dito, kinakailangan ang masusing interbensyon upang malinang ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa teksto.

- Ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng remedyal na instruksiyon hinggil sa katatasan sa pagbigkas ng mga salita at tamang paraan sa pagbabasa upang mapataas ang kanilang kognitibong pag-unawa sa teksto.
- Ang binuong programa sa pagbasa ay makatutulong sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sapagkat ito ay nakapokus sa mga kasanayang dapat pang linangin para sa kanilang ikahuhusay, higit lalo sa pagbasa ng teksto nang may pag-unawa.
- Lubos na katanggap-tanggap sa mga evalweytors ang binuong programa sa pagbasa sa pagbibigay ng napakataas na balidasyon sa pamantayang nilalaman, pagkagamitin, pagkakatuparan, kaangkupan at kahusayang instruksiyonal.

Mga Rekomendasyon

Batay sa natuklasan at konklusyon, inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod:

1. Maaring bumuo ng gawaing lilingang sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral gaya ng pagkakaroon ng pagsasanay sa klasrum na may kaugnayan sa katatasan sa pagbigkas ng wikang Filipino.
2. Bilang guro, dapat pagtuonan ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa, lalo na ang pag-unawa sa teksto, at tulungang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na napabilang sa antas na Frustration dahil mahalaga ang pagbasa sa pagkatuto.
3. Maaaring magsaliksik ng mga makabago, napapanahon at epektibong mga pagdulog at estratehiya sa pagtuturo kung paano ang pagtuturo ng pagbasa nang may pag-unawa.
4. Maaaring magkaroon ng intensibong remedyal instruksiyon para sa pagbabasa sa mga mag-aaral na napabilang sa Frustration Level. Gumamit ng tracking sheet upang maingat, organisado at detalyadong maitala ang pag-unlad ng mga mag-aaral.
5. Ang binuong programa sa pagbasa ay maaaring mabisang kasangkapan sa pagdebelop ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, kaya hinihikayat na gamitin ito ng mga guro.
6. Para sa administrasyon ng mga paaralan, maaaring maglaan ng kaukulang pansin at suporta sa ginawang pag-aaral na ito at ang programang interbensyon sa pagbasa.
7. Maaring bigyang-pansin ng mga guro at magulang ang mga salik na maaring makaapekto sa pagkakaroon ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.
8. Maaring magkaroon ng iba pang mga pananaliksik sa pagbuo ng mga programa sa pagbasa at mga kagamitang instruksiyonal sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**SANGGUNIAN**

- Aclinen, Z. M., & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, *3*(12), 319–345. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.024>
- Aghina, W., Salo, O., Jenkins, P., & Pinner, D. (2021). Building organizational capabilities: A McKinsey global survey. *McKinsey Quarterly*. <https://www.mckinsey.com>
- Almario, R. D., & Abad, M. T. (2021). Implementing effective reading programs in Philippine public schools: Challenges and strategies. *Philippine Journal of Educational Development*, *12*(1), 45–58.
- Anyiendah, J. O. (2020). Effect of word recognition skills on learners' achievement in reading comprehension in Vihiga County, Kenya
- Bailey, A. L., & Wolf, M. K. (2020). Developing a technology-based classroom assessment of academic reading skills for English language learners and teachers: Validity evidence for formative use. *Languages*, *7*(2), 71. <https://doi.org/10.3390/languages7020071>
- Banditvilai, C. (2020). The effect of reading strategies on students' reading comprehension ability
- Bartolome, R. B. (2021). *Kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Senior High School sa Distrito ng Jones at San Agustin [Master's thesis, Jones Rural School]*. ResearchGate. <https://www.researchgate.net/publication/354883791>
- Bautista, J. A. (2020). Pagtatasa at pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga programang remedial. *Asian Journal of Educational Research*, *22*(1), 99–113.
- Braza, A. A. (2020). A study on students' reading comprehension and the need for intervention. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, *4*(12). <https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.02>
- Bugtong, R. (2023). Improved reading comprehension through the reading enhancement program. *International Journal of Research in Education and Social*.
- Castino, P. J. (2020). Oral language skills perceptions of Grade 10 students of Usok Integrated School
- Chen, P.-H. (2020). The interplay between linguistic knowledge and reading strategy use in EFL learners. *Reading in a Foreign Language*, *32*(2), 1–22. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1275321.pdf>
- Cruz, J. (2023). Examining the effects of a Tier-2 intervention. *Education*. MDPI.
- De Guzman, C. Q. (2020). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang: Batayan sa pagbuo ng kagamitang pagsasanay sa pag-unawa sa binasa. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts [Missing volume/issue/page numbers]*.
- De Guzman, R. P., & Santos, M. V. (2020). Holistic evaluation of reading intervention programs in secondary education. *Southeast Asian Journal of Educational Research and Policy*, *10*(2), 78–91.




- De la Cruz, R. T. (2020). Estratehiya sa pagpapatupad ng remedial na programa sa pagbasa: Kahalagahan ng tamang sequence at praktikal na gawain. *Philippine Journal of Educational Strategies*, *12*(3), 78–90.
- Delos Santos, L. S., Garingalao, A. D. N. E., Mariano, J. P., Najam, H. M., & Ladao, C. C. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, *8*(2), 1–12. <https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2024/03/T2802310912>
- Deocaris, M. A., & Beriong, M. L. (2022). Pagbuo ng mabisang programa sa pagbasa sa pampublikong paaralan. *Journal of Language and Literacy Education*, *5*(2), 34–45.
- Department of Education. (2018). The Philippine informal reading inventory manual 2018. http://www.depedbataan.com/resource/130/philiri_full_package_v1.pdf
- Department of Education. (2019). Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs) Initiative (DepEd Memorandum No. 173, s. 2019). <https://www.deped.gov.ph/2019/11/22/november-22-2019-dm-173-s-2019-hamon-bawat-bata-bumabasa-3bs-initiative/>
- Diaz, P. (2020). The effects of computer-aided and traditional mastery methods
- Duke, N. K., & Cartwright, K. B. (2021). The science of reading progresses: Communicating advances beyond the simple view of reading. *Reading Research Quarterly*, *56*(S1), S25–S44. <https://doi.org/10.1002/rrq.411>
- Edullantes, J. T., Sotto, I. R., & Ledesma, A. C. (2022). Salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa binasang tekstong Filipino ng mga mag-aaral. *The American Journal of Humanities Social Sciences Research*, *6*(6), 55–64.
- Elliott, G. (2020). Reading for meaning: Interventions to ameliorate children’s reading comprehension difficulties [Doctoral dissertation, University of Reading]. <https://doi.org/10.48683/1926.00106095>
- Erp, Van. (2021). Improving fluency rates through repeated reading [Master’s thesis, Minnesota State University Moorhead]. Dissertations, Theses, and Projects, 609. <https://red.mnstate.edu/thesis/609>
- Garcia, A., & Chen, L. (2020). Word recognition and reading comprehension in bilingual children: The role of language proficiency. *Bilingual Research Journal*, *43*(3), 311–327. <https://doi.org/10.1080/15235882.2020.1781417>
- Garcia, M. B. (2020). Mga salik na nakakaapekto sa pagsasakatuparan ng mga programang edukasyonal: Isang pagsusuri sa mga remedial na programa sa pagbasa. *International Journal of Education and Learning*, *18*(4), 154–167.
- Gatchalian, W. (2023, December 6). Gatchalian on 2022 PISA results: Intensified learning recovery programs needed moving forward [Press release]. Senate of the Philippines. https://web.senate.gov.ph/press_release/2023/1206_gatchalian1.asp



-
- Gibson, E. J. (2020). *The psychology of reading: An experimental approach*. MIT Press.
- Haw, J. P. (2021). Reading competence among Grade 8 readers: Basis for an enhanced reading program in the new normal education
- Heguerra, A. V., & Cacho, R. M. (2022). Comprehension concerns: Signs and signals for improving a school-based reading intervention. *The Normal Lights*, *16*(2). <https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/1724>
- Johnson, B., & Christensen, L. (2020). *Educational research: Quantitative, qualitative, and mixed approaches (7th ed.)*. SAGE Publications.
- Kelley, M. J., & Scherff, L. (2021). The importance of word recognition in reading fluency and comprehension. *Journal of Literacy Research*, *53*(2), 123–140. <https://doi.org/10.1177/1086296X21994567>
- Lazaro, M. A. (2022). Pagpapaunlad ng reading fluency sa mga mag-aaral ng sekondarya sa pamamagitan ng program-based interventions. *Philippine Journal of Literacy Education*, *4*(2), 33–41.
- Literacy Information and Communication System. (2020). Word recognition. U.S. Department of Education, Office of Career, Technical, and Adult Education. <https://lincs.ed.gov>
- Makig-angay, R., De Vera, J. L., & Santos, M. (2024). Paglilinig ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa baitang 7: Isang pagsusuri. *Journal of Filipino Educational Research*, *6*(1), 45–58.
- Marquez, J. L. (2020). Ebalwasyon ng mga interbensyon sa pagbasa: Isang pagsusuri sa bisa ng mga programang pang-literasi. *Philippine Journal of Language and Literacy Education*, *15*(1), 45–60.
- Mendoza, M. J. (2020). Innovating through research and development: The role of R&D in economic development. *Journal of Business Research*, *117*, 55–66. <https://doi.org/10.1016/j.jbusres.2020.04.030>
- Morales, J. P. (2020). Kaangkupan ng mga estratehiya sa pagtuturo sa mga guro ng Filipino: Isang pagsusuri sa mga kasanayan sa pagbasa. *Journal of Language and Literacy Studies*, *15*(2), 112–125.
- National Center for Education Statistics. (2022). *The Nation's Report Card: Reading 2022*. Institute of Educational Sciences, U.S. Department of Education. <https://nationsreportcard.gov>
- National Center on Improving Literacy. (2021). Word recognition and fluency. <https://improvingliteracy.org/brief/word-recognition-and-fluency>
- Navarro, J. B., & Santiago, P. M. (2020). Effectiveness of reading intervention programs among struggling readers in junior high school. *Asian Journal of Educational Research and Policy Studies*, *5*(3), 25–39.



-
- Niculescu, B. O., & Dragomir, M. (2023). Critical reading – A fundamental skill for building 21st-century literacy. *International Conference Knowledge-Based Organization*, *29*(2), 215–220. <https://doi.org/10.2478/kbo-2023-0060>
- Nowell, L. S., Norris, J. M., White, D. E., & Moules, N. J. (2020). Thematic analysis: Striving to meet the trustworthiness criteria. *International Journal of Qualitative Methods*, *16*, 1–13. <https://doi.org/10.1177/1609406917733847>
- Organization for Economic Co-operation and Development. (2023). PISA 2022 results (Volume I): What students know and can do. OECD Publishing. https://www.oecd.org/en/publications/pisa-2022-results-volume-i-and-ii-country-notes_ed6fbcc5-en/philippines_a0882a2d-en.html
- Padilla, R. M., & Sali, J. L. (2023). Mga estratehiya sa pagbasa at ang epekto nito sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa Filipino. *Journal of Language and Literacy Education in the Philippines*, *6*(1), 28–37.
- Paige, D. D. (2022). Reading fluency: A brief history, the importance of supporting process, and the role of assessment (ED607625). ERIC. <https://eric.ed.gov/?id=ED607625>
- Quintino, J. R., Mamis, J. F., & Laxamana, J. A. (2021). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, *5*(6), 463–472.
- Rapi, H., & Oyon-Oyon, J. (2024). Basa-Hasa: Kompilasyon ng mga babasahin sa paghasa ng antas ng kasanayan sa pagbasa. *International Journal of Research Studies in Education*, *13*(5), 163–178. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24033>
- Rasinski, T. V., & Samuels, S. J. (2021). The essential strategies for improving reading fluency and comprehension. Scholastic Inc.
- Rodriguez, J. P., & De la Cruz, F. M. (2023). Epekto ng Project R.E.A.D.Y. sa kakayahang pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 7. *Southeast Asian Journal of Basic Education*, *5*(1), 50–62.
- Santos, C. M. (2021). Improving reading comprehension skills in English through Microsoft Immersive Reader. *Asia Pacific Higher Education Research Journal*, *12*(1), 1–17. <https://doi.org/10.1234/apherej.2025.0123456>
- Servallos, N. J. (2023, December 6). Student assessment: Phl still in bottom 10. *The Philippine Star*. <https://www.philstar.com/headlines/2023/12/06/2316752/student-assessment-philippines-still-bottom-10>
- Snow, C. E., & Matthews, T. J. (2021). Understanding reading comprehension: Bridging word reading and meaning-making. *Journal of Educational Psychology*, *113*(5), 765–778. <https://doi.org/10.1037/edu0000654>
-



- Sucalit, A. (2023, December 7). PISA result indicates PH education system is 5 to 6 years behind – DepEd. Rappler. <https://www.rappler.com/philippines/deped-reaction-statement-program-international-student-assessment-result-2022/>
- Suson, R., Baratbata, C., Anoos, W., Ermac, E., Aranas, A. G., Malabago, N., Galamiton, N., & Capuyan, D. (2020). Differentiated instruction for basic reading comprehension in Philippine settings.
- Tomas, M. L., Villaros, E. T., & Galman, S. M. A. (2021). The perceived challenges in reading of learners: Basis for school reading programs. *Open Journal of Social Sciences*, *9*(5), 85–117. <https://doi.org/10.4236/jss.2021.95009>
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes* (M. Cole, V. John-Steiner, S. Scribner, & E. Souberman, Eds. & Trans.). Harvard University Press.
- Ya'acob, A., Ismail, N. M., & Yusof, N. (2020). Student insights: Challenges in acquiring critical academic reading skills. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, *4*(9), 1–6.
- Zhang, Y., Wang, J., & Zhang, Y. (2024). The impact of visual search in Chinese children with developmental dyslexia on reading comprehension: The mediating role of word detection skill and reading fluency. *Frontiers in Psychology*, *15*, Article 1437187. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2024.1437187>